Mga Karapatang Pantao sa British Columbia: Diskriminasyon batay sa identidad ng kasarian o sa pagpapahayag nito

Ginawa ang fact sheet na ito upang matulungan kang maunawaan ang diskriminasyon batay sa identidad ng kasarian o sa pagpapahayag nito sa BC. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring kontakin ang **BC Human Rights Clinic**. Makukuha ang impormasyon kung paano sila makokontak sa huling bahagi ng fact sheet na ito.

May batas sa British Columbia upang protektahan at itaguyod ang mga karapatang pantao. Ito ay tinatawag na *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao sa BC o ang Alituntunin (BC Human Rights Code or the Code).* Pinoprotektahan ka ng *Alituntunin* mula sa mga masama o hindi parehong pagtrato dahil sa iyong identidad ng kasarian o sa pagpapahayag nito. Nagpapahintulot ito sa iyo na magsampa ng reklamo sa BC Human Rights Tribunal kung may paniniwala kang ikaw ay biktima ng diskriminasyon.

Pinoprotektahan ka rin ng *Alituntunin* mula sa **paghihiganti** kung gumawa ka o nag-iisip kang gumawa ng isang reklamo. Itinuturing na isang **paghihiganti** kapag may taong nagnanais na saktan ka o balikan ka dahil sa isang bagay na sa palagay niya ay ginawa mo o gagawin mo sa kanya.

Mga kahulugan na ginamit sa fact sheet na ito

Ang **identidad ng kasarian** ay ang pakiramdam ng isang tao sa kanilang sarili bilang lalaki, babae, ng dalawang identidad, nasa pagitan o hindi. Kabilang dito ang mga taong nakikilala bilang **transgender**. Ang identidad ng kasarian ay maaaring kapareho ng o naiiba mula sa kasariang itinatalaga sa isang tao sa kapanganakan.

Ang **pagpapahayag ng kasarian** ay kung paano ipinakikita ng isang tao ang kanyang kasarian. Maaaring kabilang dito ang pag-uugali at hitsura, pananamit, ayos ng buhok, make-up, body language o pagkilos at boses. Maaari rin kasama rito ang kanyang pangalan at mga panghalip, tulad ng siya (lalaki/ babae), o sila. Kung paano ipinakikita ng isang tao ang kanyang kasarian ay maaaring hindi sadyang sumasalamin sa kanyang identidad ng kasarian.

Halimbawa, kung ang identidad ng kasarian ng isang tao ay lalaki, ang kanyang pagpapahayag ng kasarian ay lalaki lamang kung siya'y nagpapahayag ng mga karaniwang katangian ng isang lalaki, sa pananamit, at/ o mga ugali. Ang identidad ng kasarian ay naiiba sa sekswal na oryentasyon ng isang tao.

Ang **trans** o **transgender** ay isang malawak na termino na naglalarawan sa mga taong may iba't ibang mga identidad ng kasarian at mga pagpapahayag na di-sumusunod sa mga pangkalahatang ideya tungkol sa kung paano maging isang babae o lalaki. Halimbawa, ang mga taong nakikilala bilang transgender, trans woman (lalaki na naging babae), trans man (babae na naging lalaki), transsexual, cross-dresser, mga di-sumusunod sa kasarian, variant na kasarian o gender queer. Ang pagiging transgender ay hindi nangangahulugan ng anumang ispesipikong sekswal na oryentasyon.

Ano ang diskriminasyon sa identidad ng kasarian o pagpapahayag nito?

Ang bawat tao'y may karapatang tukuyin ang kanyang sariling identidad ng kasarian at ipahayag ang kanyang kasarian. Ang mga taong trans ay dapat kilalanin at tratuhin bilang kasarian na kanyang pinili at nais na ipahayag.

Ang diskriminasyon ay nangyayari kapag ang isang tao'y trinato nang masama o pinagkaitan ng isang serbisyo o benepisyo dahil sa kanilang identidad ng kasarian o pagpapahayag nito.

Ang diskriminasyon sa identidad ng kasarian o sa pagpapahayag nito ay maaaring mangyari sa maraming paraan, kabilang ang:

- Ikaw ay tinatawag ng mga nakakasakit na pangalan.
- Ikaw ay inilalantad sa mga hindi nararapat na biro, mga litrato, emails at social media,

- Tinanggihan kang bigyan ng mga serbisyo dahil sa iyong identidad ng kasarian o pagpapahayag nito.
- Ikaw ay tinanggal o hindi na-promote sa trabaho dahil naging sanhi sa desisyon ang iyong identidad ng kasarian o pagpapahayag nito.
- Tinanggihan ka na umupa ng tirahan dahil sa iyong identidad ng kasarian o pagpapahayag nito.

Paano ko malalaman kung ang aking reklamo ay may kinalaman sa mga Karapatang Pantao?

Upang gumawa ng isang reklamo sa ilalim ng *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao sa BC*, ang lahat ng mga sumusunod ay dapat na katotohanan:

- ✓ Ikaw ay trinato nang masama o tinanggihang bigyan ng isang benefit.
- ✓ May ugnayan ang naging paraan ng pagtrato sa iyo (nang masama o pagtangging bigyan ka ng benefit) sa iyong identidad ng kasarian o sa pagpapahayag nito.
- ✓ Ang pagtrato ay naganap sa isang publikong lugar tulad ng sa trabaho, tindahan o restawran, o sa pagitan ng isang nagpapaupa at umuupa.

Dapat mong isampa ang iyong reklamo sa loob ng anim na buwan matapos na mangyari ang insidente. (Tandaan: May ilang mga hindi kasali sa nakatakdang panahong ito.) Ang pagsasampa ng reklamo ay nagsisimula sa isang legal na prosesong katulad ng proseso sa hukuman. Ang taong nagsasampa ng reklamo ay kinikilala bilang **nagrereklamo (complainant).** Para sa panimulang kaalaman tungkol sa mga Karapatang Pantao sa BC, mangyaring tingnan ang fact sheet ng **Mga Karapatang Pantao sa British Columbia: Ano ang mga kailangan mong malaman.**

Saan ako maaaring humingi ng tulong?

Maaaring makakuha ka ng impormasyon sa **BC Human Rights Clinic.** Ang mga kawani sa Clinic ay maaaring tumulong sa iyong maunawaan ang *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao* o harapin ang isang reklamo sa karapatang pantao sa probinsiya. Maaaring kwalipikado ka para sa iba pang mga uri ng serbisyo. Kausapin ang isang kawani sa Clinic upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat.

BC Human Rights Clinic
300-1140 West Pender Street
Vancouver, BC V6E 4G1
Telepono: 604 622-1100
Fax: 604 685-7611
Toll Free: 1-855-685-6222
Online: www.BCHRC.net

Kapag ang isang tao ay nagsampa ng reklamo laban sa iyo, ikaw ay ang taong **sumasagot (respondent)** sa reklamo. Ang **mga** taong **sumasagot** saan mang panig ng probinsiya at ang mga taong **nagrereklamo** sa Victoria-area ay maaaring makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pagkontak sa:

University of Victoria
Law Centre Clinical Program Law
Suite 225 - 850 Burdett Avenue
Victoria, BC V8W 1B4
Telepono: 250 385-1221
Toll Free: 1-866 385-1221
E-mail: reception@thelawcentre.ca

Maaari kang idirekta sa **BC Human Rights Tribunal** upang isampa ang iyong reklamo.

BC Human Rights Tribunal
Suite 1170 - 605 Robson Street
Vancouver, BC V6B 5J3
Telepono: 604 775-2000
Toll Free (sa BC): 1-888-440-8844
TTY (para sa may kapansanan sa pandinig): 604 775-2021
Web: www.bchrt.gov.bc.ca